

Divine Authority, Sublime Young Men

By President Steven J. Lund
Young Men General President

Banal na Awtoridad, Maringal na mga Kabataang Lalaki

Ni Pangulong Steven J. Lund
Young Men General President

April 2025 general conference

I am forever grateful that holders of the Aaronic Priesthood, with its powers, ordinances, and duties, do bless all of us.

Thank you, Elder Andersen, for that remarkable expression of priesthood power and of the power of the Savior's Atonement.

One Sunday morning this January, as I sat in sacrament meeting, over a dozen young men were sustained to be advanced in the Aaronic Priesthood. I felt the world changing beneath our feet.

It struck me that all around the world, time zone by time zone, in sacrament meetings just like that one, tens of thousands of deacons, teachers, and priests—like President Holland's friend this morning, Easton—were being sustained to be ordained into lifelong priesthood ministries that would span the length and breadth of the gathering of Israel.

Each January, hands are laid on the heads of about 100,000 young men, connecting them through ordinance to a bright line of authority stretching back through the Restoration epoch to Joseph and Oliver, to John the Baptist, and to Jesus Christ.

Now, ours is not always a very demonstrative church. Here, we do understatement.

But still, seeing this rolling thunder of newly ordained priesthood holders spreading across the earth, I wondered—in a “church of joy” kind of way—if it shouldn't be shouted from the roof-

Walang hanggan ang pasasalamat ko na tayong lahat ay napagpapala ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, sa pamamagitan ng mga kapangyarihan, ordenansa at tungkulin nito.

Salamat, Elder Andersen, para sa napakagandang pahayag na iyan tungkol sa kapangyarihan ng priesthood at sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Isang Linggo ng umaga nitong Enero, habang nakaupo ako sa sacrament meeting, mahigit labindalawang kabataang lalaki ang sinang-ayunan para mag-advance sa Aaronic Priesthood. Nada-ma ko na nagbabago ang mundo natin.

Biglang kong natanto na sa iba't ibang panig ng mundo, sa bawat time zone, sa mga sacrament meeting na tulad lamang niyon, libu-libong deacon, teacher, at priest—tulad ng kaibigan ni Pangulong Holland ngayong umaga, si Easton—ang sinasang-ayunan para maorden sa habambuhay na paglilingkod sa priesthood para sa pagtitipon ng Israel sa lahat ng dako ng mundo.

Tuwing Enero, ang mga kamay ay ipinapatong sa ulo ng tinatayang 100,000 kabataang lalaki at ikinokonekta sila sa pamamagitan ng ordenansa sa isang malinaw na linya ng awtoridad pabalik sa panahon ng Pagpapanumbalik kina Joseph at Oliver, kay Juan Bautista at kay Jesucristo.

Ngayon, tayo bilang mga miyembro ng simbahan ay hindi palaging madamdaming magpahayag. Dito, mas gusto nating gumawa nang tahimik.

Ngunit kahit gayon, sa nakikita kong pagdagsa ng mga bagong inorden na priesthood holder sa iba't ibang dako ng mundo, naisip ko—sa “simbahan ng kagalakan”—kung hindi ba

tops. “Today,” I thought, “there should be trumpets and crashing cymbals and blazing Roman candles. There should be parades!”

Knowing God’s power for what it truly is, we were witness to the disruption of the very patterns of this world by godly authority spreading across the earth.

These ordinations launch these young men into lifetimes of service as they will find themselves in consequential times and places where their presence and prayers and the powers of the priesthood of God they hold will profoundly matter.

This controlled chain reaction began with a ministering angel sent of God. The resurrected John the Baptist of ancient times appeared to Joseph and Oliver, placed his hands on their heads, and said, “Upon you my fellow servants, in the name of Messiah I confer the Priesthood of Aaron, which holds the keys of the ministering of angels, and of the gospel of repentance, and of baptism by immersion for the remission of sins” (Doctrine and Covenants 13:1).

John called this authority the “Priesthood of Aaron,” after Moses’s brother and priesthood companion. Anciently, the holders of this priesthood of Aaron were to teach and assist with ordinances—ordinances that focused discipleship on the future Messiah, the Lord Jesus Christ (see Deuteronomy 33:10).

The book of Numbers explicitly assigns to holders of the priesthood of Aaron the tasks of handling the vessels of the ordinances. “And thou shalt appoint Aaron and his sons ... and their charge shall be ... the table ... and the vessels of the sanctuary wherewith they minister” (Numbers 3:10, 31).

The Old Testament ordinance of animal sacrifice was fulfilled and replaced through the Savior’s life and Atonement. That ancient ordinance was replaced with the ordinance we now call the sacrament of the Lord’s Supper.

ito dapat ipagsabi nang mas hayagan. “Sa araw na ito,” naisip ko, “dapat may mga trumpeta at dagundong ng mga cymbal at pagputok ng mga Roman candle. Dapat may mga parada!”

Dahil batid natin kung ano talaga ang kapangyarihan ng Diyos, nasaksihan natin na nagulo ang mismong kalakaran ng mundong ito dahil sa banal na kapangyarihan na lumalaganap sa iba’t ibang dako ng mundo.

Ang mga ordenasyong ito ang simula ng habambuhay na paglilingkod ng mga kabataang lalaking ito kapag natagpuan nila ang kanilang sarili sa panahon at sitwasyon kung saan magiging napakahalaga ng kanilang presensiya at mga panalangin at ng kapangyarihan ng priesthood ng Diyos na taglay nila.

Ang sunud-sunod na mga pangyayaring ito ay nagsimula sa isang naglilingkod na anghel na isinugo ng Diyos. Ang nabuhay na mag-uling si Juan Bautista ng sinaunang panahon ay nagpakita kina Joseph at Oliver, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanilang ulo, at sinabing, “Sa inyo na aking kapwa tagapaglilingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan” (Doktrina at mga Tipan 13:1).

Tinawag ni Juan ang awtoridad na ito na “Pagkasaserdoteng Aaron,” ipinangalan sa kapatid at katuwang ni Moises sa paglilingkod. Noong unang panahon, ang mga mayhawak ng Aaronic priesthood na ito ay dapat magturo at tumulong sa mga ordenansa—mga ordenansa na nakatuon sa pagiging disipulo sa darating na Mesiyas, ang Panginoong Jesucristo (tingnan sa Deuteronomio 33:10).

Sa aklat ng Mga Bilang, malinaw na nakatalaga sa mga maytaglay ng Aaronic priesthood ang pangangasiwa sa mga kasangkapan ng mga ordenansa. “Iyong itatalaga si Aaron at ang kanyang mga anak at ... ang pangangasiwaan nila ay ang ... hapag ... [at] mga kasangkapan ng santuwaryo na kanilang ginagamit sa paglilingkod” (Mga Bilang 3:10, 31).

Ang ordenansa sa Lumang Tipan na pag-aalay ng hayop ay isinakatuparan at pinalitan ng buhay at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang sinaunang ordenansang iyon ay pinalitan ng ordenansa na tinatawag natin ngayon na sakramento ng Hapunan ng Panginoon.

The Lord entrusts today's bearers of the priesthood of Aaron to do very much the same things they did anciently: to teach and to administer ordinances—all to remind us of His Atonement.

When deacons, teachers, and priests help with the sacrament, they receive its blessings just like everyone else: by keeping the covenant they make as they individually partake of the bread and the water. But in the performance of these sacred duties, they also learn more about their priesthood roles and responsibilities.

The Aaronic Priesthood is called the preparatory priesthood partly because its ordinances allow them to experience the weight and the joy of being on the Lord's errand, preparing them for future priesthood service, when they may be called upon to minister in unforeseeable ways—including pronouncing inspired blessings in times when hopes and dreams, and even life and death, hang in precarious balance.

Such serious expectations require serious preparation.

The Doctrine and Covenants explains that deacons and teachers are “to warn, expound, exhort, and teach, and invite all to come unto Christ” (Doctrine and Covenants 20:59). In addition to these opportunities, priests are to “preach ... and baptize” (Doctrine and Covenants 20:50).

Well, all that sounds like a lot, but in the real world, these things happen naturally and all over the world.

One bishop taught his new deacons quorum presidency these duties. So the young presidency began to talk about what that might look like in their quorum and in their ward. They decided they should start visiting elderly ward members to see what they needed and then do that.

Among those they served was Alan, a rough, often profane, and sometimes hostile neighbor. Alan's wife, Wanda, became a member of the Church, but Alan was, as we say, something of a

Ipinagkakatiwala ng Panginoon sa mga mayhawak ng Aaronic priesthood ngayon na gawin ang mga bagay na ginawa nila noong unang panahon: magturo at mangasiwa ng mga ordenansa—lahat upang maipaalala sa atin ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Kapag ang mga deacon, teacher, at priest ay tumutulong sa pangangasiwa sa sakramento, natatanggap nila ang mga pagpapala nito tulad ng iba: sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipang ginawa nila habang tumatanggap ang bawat isa sa kanila ng tinapay at tubig. Ngunit sa pagtupad sa mga sagradong tungkuling ito, mas marami rin silang natututuhan tungkol sa kanilang mga ginagampanan at mga responsibilidad sa priesthood.

Ang Aaronic Priesthood ay tinatawag na panimulang priesthood dahil ang mga ordenansa nito ay nagtutulot sa kanila na maranasan ang bigat at ang kagalakan ng paglilingkod sa Panginoon, inihahanda sila sa paglilingkod sa priesthood sa hinaharap, kapag natawag sila na maglingkod sa hindi inaasahang mga paraan—kabilang ang pagbigkas ng mga inspiradong basbas sa mga panahong ang pag-asa at pangarap, at maging ang buhay at kamatayan, ay walang katiyakan.

Ang ganoong kaseryosong inaasahan ay nangangailangan ng seryosong paghahanda.

Ipinaliwanag sa Doktrina at mga Tipan na ang mga deacon at teacher ay “magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo” (Doktrina at mga Tipan 20:59). Bukod pa sa mga oportunidad na ito, ang mga priest ay “mangangaral ... at magbibinyag” (Doktrina at mga Tipan 20:50).

Parang maraming gagawin, pero sa realidad, ang mga bagay na ito ay nangyayari nang natural at sa buong mundo.

Itinuro ng isang bishop ang mga tungkuling ito sa kanyang bagong deacons quorum presidency. Kaya nagsimulang mag-usap ang batang presidency kung paano nila gagawin iyon sa kanilang korum at kanilang ward. Nagpasiya sila na simulan ang pagbisita sa matatandang miyembro ng ward para malaman kung ano ang kailangan nila at pagkatapos ay gawin iyon.

Kabilang sa mga pinaglingkuran nila ay si Alan, isang masungit, madalas magmura, at kung minsan ay palaaway na kapitbahay. Ang asawa ni Alan, si Wanda, ay naging miyembro ng Sim-

piece of work.

Still, the deacons went to work, comically ignoring his insults, while they shoveled snow and took out trash. Deacons can be hard to hate, and Alan eventually began to love them. At some point they invited him to church.

“I don’t like church,” he responded.

“Well, you like us,” they said. “So come with us. You can just come to our quorum meeting if you want.”

And with the bishop’s approval, he came—and he kept coming.

The deacons became teachers, and as they continued to serve him, he taught them to work on cars and to build things. By the time these deacons-turned-teachers became priests, Alan was calling them “my boys.”

They were earnestly preparing for missions and asked him if they could practice missionary lessons with him. He swore that he would never listen and never believe, but, yeah, they could practice at his house.

And then Alan got sick. And he softened.

And one day in quorum meeting, he tenderly asked them to pray for him to quit smoking, and so they did. But then they followed him home and confiscated all of his tobacco stash.

As his failing health put Alan into hospitals and rehab centers, “his boys” served him, quietly exuding powers of priesthood and of love unfeigned (see Doctrine and Covenants 121:41).

The miracle continued when Alan asked to be baptized—but then he passed away before it could happen. At his request, his deacons-turned-priests were the pallbearers and the speakers at his funeral, where they—fittingly—warned, expounded, exhorted, taught, and invited all to Christ.

bahan, pero si Alan, tulad ng nabanggit, ay tila mahirap pakisamahan.

Gayunpaman, nagpatuloy sa paglilingkod ang mga deacon, ginagantihan ng biro ang kanyang mga pang-iinsulto, habang pinapala nila ang niyebe at itinatapon ang mga basura. Mahirap kamuhian ang mga deacon, at kalaunan ay minahal sila ni Alan. Dumating ang pagkakataon na inanyayahan nila siya sa simbahan.

“Ayaw ko sa simbahan,” tugon niya.

“Pero, gusto po ninyo kami,” sabi nila. “Kaya sumama na po kayo sa amin. Puwede po kayong pumunta kahit sa meeting lang ng korum namin kung gusto ninyo.”

At sa pahintulot ng bishop, pumunta siya—at patuloy na nagpunta.

Ang mga deacon ay naging mga teacher, at sa patuloy na paglilingkod nila sa kanya, tinuruan niya sila na magkumpuni ng mga sasakyan at gumawa ng mga bagay-bagay. Nang ang mga deacon na ito na naging mga teacher ay naging mga priest na, tinatawag sila ni Alan na “mga anak ko.”

Sila ay masigasig na naghahanda para mag-misyon at hiniling sa kanya kung pwede silang magpraktis sa pagtuturo ng mga missionary lesson sa kanya. Sinabi niya na hindi siya kailanman makikinig at hindi kailanman maniniwala, pero pwede silang magpraktis sa kanyang bahay.

At pagkatapos ay nagkasakit si Alan. At hindi na siya masungit.

At isang araw sa miting ng korum, magiliw niyang hiniling sa kanila na ipagdasal siya na tumigil na sa pagsisigarilyo, at ginawa nga nila ito. Ngunit pagkatapos ay sinundan nila siya pag-uwi sa bahay at kinumpiska ang lahat ng mga nakatago niyang tabako.

Dahil sa unti-unting paghina ng kanyang katawan, dinala si Alan sa mga ospital at rehab center, ang “kanyang mga anak” ay naglingkod sa kanya, tahimik na ipinapakita ang kapangyarihan ng priesthood at tunay na pagmamahal (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41).

Nagpatuloy ang himala nang hilingin ni Alan na mabinyagan siya—ngunit pumanaw siya bago pa man ito mangyari. Sa kanyang kahilingan, ang mga priest na dating mga deacon ang nagbuhat ng kanyang kabaong at ang mga nagsalita sa kanyang libing, kung saan sila—alinsunod sa kanilang tungkulin—ay nagbabala, nagpaliwanag, naghikayat, nagturo, at nag-anyaya sa lahat kay Cristo.

And later, in the temple, it was one of “Alan’s boys” who baptized that erstwhile deacons quorum president in proxy for Alan.

Everything John the Baptist said to do, they did. They did what deacons, teachers, and priests do all over this Church and all over this world.

One of the things holders of the priesthood of Aaron are charged to do involves the ordinance of the sacrament.

Last year I met an inspired bishop and his wonderful wife. On a recent Saturday morning, they were driving to their son’s baptism and suffered the tragic and sudden loss of their darling two-year-old daughter, Tess.

The next morning their ward members gathered for sacrament meeting filled with compassion, also suffering over the loss of this perfect little girl. No one expected the bishop’s family to be at church that morning, but a couple of minutes before the meeting started, they quietly entered and took their place.

The bishop went to the stand and walked past his usual seat between his counselors and sat down instead between his priests at the sacrament table.

During that anguished and sleepless night before of searching for understanding and peace, he had received a strong impression of what his family most needed—and what his ward most needed. It was to hear the voice of their bishop, their ward Aaronic Priesthood president, their grieving father, pronounce the promises of the sacramental covenant.

So, in due course, he knelt with those priests and spoke to His Father. With the pathos of that occasion, he pronounced some of the most powerful words that anyone is ever allowed to say out loud in this lifetime.

Words of eternal consequence.

Words of ordinance.

Words of covenant.

Instruction that connects us to the very purposes of this life—and to the most magnificent

At kalaunan, sa templo, isa sa “mga anak ni Alan” ang nagbinyag sa dating deacon quorum president bilang proxy para kay Alan.

Lahat ng ipinagawa ni Juan Bautista ay ginawa nila. Ginawa nila ang ginagawa ng mga deacon, teacher, at priest sa buong Simbahang ito at sa buong mundong ito.

Isa sa mga bagay na ipinagagawa sa mga mayhawak ng Aaronic priesthood ay may kinalaman sa ordenansa ng sakramento.

Noong nakaraang taon nakilala ko ang isang inspiradong bishop at ang kanyang mabait na asawa. Sa isang Sabado ng umaga kamakailan, papunta sila sakay ng sasakyan sa binyag ng kanilang anak na lalaki at naranasan nila ang napakasakit at biglaang pagkawala ng kanilang pinakamamahal na dalawang-taong-gulang na anak na babae, si Tess.

Kinaumagahan, nagtipon ang mga miyembro ng kanilang ward para sa sacrament meeting na puno ng pagkahabag, nagdadalamhati rin sa pagpanaw ng mabait na batang babaeng iyon. Hindi inakala ng sinuman na magsisimba sa umagang iyon ang pamilya ng bishop, ngunit ilang minuto bago magsimula ang miting, tahimik silang pumasok at naupo.

Pumunta ang bishop sa harapan at hindi naupo sa karaniwang inuupuan niya sa pagitan ng kanyang mga counselor at sa halip ay naupo sa pagitan ng mga priest sa may sacrament table.

Sa napakasakit at walang tulog na gabi bago [ang Linggong] iyon na humihingi ng kaunawaan at kapayapaan, nakatanggap siya ng malakas na impresyon tungkol sa pinakakailangan ng kanyang pamilya—at ang pinakakailangan ng kanyang ward. Iyon ay ang marinig ang tinig ng kanilang bishop, ng kanilang ward Aaronic Priesthood president, ng kanilang nagdadalamhating ama, na binibigkas ang mga pangako ng tipan ng sakramento.

Lumuhod siya kasama ng mga priest na iyon at nanalangin sa kanyang Ama. Sa paggawa niyon, binigkas niya ang ilan sa mga pinakamakapangyarihang salita na pinahihintulutan ang sinuman na bigkasin nang malakas sa buhay na ito.

Mga salitang may kinalaman sa kawalang-hanggan.

Mga salita ng ordenansa.

Mga salita ng tipan.

Tagubilin na nag-uugnay sa atin sa pinakadakilang mga layunin ng buhay na ito—at sa

outcomes of Heavenly Father's plan for us.

Can you imagine what the congregation heard in that chapel that day—what they felt in the words that we hear every Sunday in our chapels?

“O God, the Eternal Father, we ask thee in the name of thy Son, Jesus Christ, to bless and sanctify this bread to the souls of all those who partake of it, that they may eat in remembrance of the body of thy Son, and witness unto thee, O God, the Eternal Father, that they are willing to take upon them the name of thy Son, and always remember him and keep his commandments which he has given them; that they may always have his Spirit to be with them. Amen” (Doctrine and Covenants 20:77).

And then: “O God, the Eternal Father, we ask thee in the name of thy Son, Jesus Christ, to bless and sanctify this [water] to the souls of all those who drink of it, that they may do it in remembrance of the blood of thy Son, which was shed for them; that they may witness unto thee, O God, the Eternal Father, that they do always remember him, that they may have his Spirit to be with them. Amen” (Doctrine and Covenants 20:79).

This good father and mother testify that that promise has been fulfilled. They do, in fact, to their everlasting comfort, “have his Spirit to be with them.”

I am forever grateful that holders of the Aaronic Priesthood, with its powers, ordinances, and duties, do bless all of us through the keys of the very “ministering of angels, and of the gospel of repentance, and of baptism by immersion for the remission of sins” (Doctrine and Covenants 13:1). In the name of Jesus Christ, amen.

pinakamahahalagang resulta ng plano ng Ama sa Langit para sa atin.

Naisip ba ninyo kung ano ang narinig ng kongregasyon sa chapel na iyon sa araw na iyon—ang nadama nila sa mga salitang naririnig natin tuwing Linggo sa ating mga chapel?

“O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen” (Doktrina at mga Tipan 20:77).

At pagkatapos: “O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [tubig] na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen” (Doktrina at mga Tipan 20:79).

Ang butihing ama at ina na ito ay nagpatotoo na natupad ang pangakong iyon. Sa katunayan, para patuloy silang mapanatag, “[n]apasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila.”

Walang hanggan ang pasasalamat ko na ang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood, sa pamamagitan ng mga kapangyarihan, ordenansa, at tungkulin nito, ay pinagpapala tayong lahat sa pamamagitan ng mga susi ng “paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan” (Doktrina at mga Tipan 13:1). Sa pangalan ni Jesucristo, amen.